# ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

## ANG TESTIMONIAL AIDS

### Ano ang testimonial aids?

The *Criminal Code (Kodigo Kriminal)* ay naglalaman ng ilang mga probisyon upang gawing mas madali para sa mga biktima at mga saksi na ibigay ang kanilang testigo sa mga paglilitis sa hukuman. Ang ilang mga halimbawa ng testimonial aids ay:

- Pagpapahintulot sa mga biktima at mga saksi na tumestigo sa labas ng hukuman gamit ang **closed-circuit television** o sa loob ng hukuman pero **sa likod ng isang screen**, na magpapahintulot sa kanila na hindi makita ang táong akusado.
- Pagpapahintulot sa isang **support person** na manatiling kasama ng mga biktima at mga saksi habang sila'y tumetestigo upang gawin silang mas komportable.

Ang mga sumusunod ay iba pang mga halimbawa ng mga paraan na maaaring magamit ng mga saksi, at na makakatulong sa kanila na gawing mas madali ang kanilang pagtestigo:

- Ang **pagtakda ng isang abogado** upang i-cross-examine ang isang táong akusado kapag kinakatawan nito ang kanyang sarili.
- Ang **pagpapalabas sa ilan o sa lahat ng mga miyembro ng publiko** mula sa hukuman habang isinasagawa ang buo o ang bahagi ng paglilitis sa hukuman, o ang pagpahintulot sa saksi na ibigay ang kanyang testigo mula sa **likod ng isang screen o ibang device upang hindi makita ng publiko ang saksi**.

### Karapatan ng isang biktima!

Ang *Canadian Victims Bill of Rights (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima)* ay isinabatas noong Hulyo 23, 2015. Ang Batas na ito ay nagbibigay sa bawat biktima ng karapatang ipasaalang-alang ang kanyang seguridad, at karapatang mabigyan ng mga makatwiran at kinakailangang paraan upang protektahan siya mula sa pananakot at paghihiganti. Ang mga biktima ng krimen ay mayroon ding karapatang mag-request ng testimonial aid kapag sila'y tumestigo bilang isang saksi sa isang kriminal na hukuman. Ang mga karapatang ito ay bahagi ng karapatan ng isang biktima na magkaroon ng proteksyon.

### Sino ang maaaring makakuha ng testimonial aid?

Maaaring humingi ang isang biktima o saksi ng testimonial aids mula sa prosecutor. Pagkatapos ay maaaring hingin ng prosecutor sa Hukuman ang mga espesyal na proteksyon na ito bago isagawa ang paglilitis, o kahit kailan habang ginaganap ito. Maaari rin diretsong hingin ng isang biktima o saksi mula sa Hukuman ang testimonial aids.




Government of Canada Gouvernement du Canada

Canada

## Paano ba nagpapasiya ang Hukuman kung mag-uutos ito ng isang testimonial aid?

Isasaalang-alang ng Hukuman ang:

- edad ng saksi;
- ang uri ng pagkakasala;
- ang uri ng testimonial aid o iba pang paraan na hinihiling; at
- iba pang factors, tulad ng kagustuhan ng lipunan na hikayatin ang pagreport ng krimen, o ang karapatan ng táong akusado na makakuha ng isang makatwirang paglilitis.

## Ang Testimonial Aids

Ang mga biktima at mga saksi na **wala pang 18-taong-gulang** o sinomang saksi na may mental o physical disability (pangkaisipan o pangkatawang kapansanan) na nagpapahirap sa kanila na magbigay ng kanilang testigo ay bibigyan ng **testimonial aids** kapag ang mga ito'y hiniling. Dapat pahintulutan ng Hukuman ang paggamit ng aid maliban kung naniniwala ang Hukuman na ito'y makakasagabal sa angkop na administrasyon ng hustisya kapag ito, halimbawa, ay makakaapekto sa karapatan ng táong akusado na magkaroon ng isang makatwirang paglilitis.

**Ang ibang mga biktima at mga saksi** ay maaaring mabigyan ng testimonial aid kung naniniwala ang Hukuman na magiging mas madali para sa biktima o sa saksi na tumestigo nang husto at nang tapat, o upang maitaguyod ang katarungan. Isinasaalang-alang ng Hukuman ang factors tulad ng edad ng saksi, uri ng pagkakasala, uri ng anumang relasyon ng saksi at ng táong akusado sa isa't-isa, at kung ang testimonial aid ay kinakailangan para sa kaligtasan ng saksi. Makakahanap ka ng buong listahan ng factors sa mga seksyon 486.1 at 486.2 ng Criminal Code.

## Pagtakda ng Counsel o Abogado

Ang mga biktima ng krimen ay may karapatang magkaroon ng makatwiran at kinakailangang hakbang upang maprotektahan sila mula sa pananakot o paghihiganti. Sa ilang mga okasyon, ang biktima na siyang saksi rin ay maaaring makaramdam ng takot mula sa táong akusado kapag ang táong ito'y kumikilos sa hukuman bilang kanyang sariling abogado at maaari niyang i-cross-examine ang biktima bilang saksi. Kapag nagkaroon ng aplikasyon, ang Hukuman ay maaaring magtakda ng isang abogado na mag-cro-cross-examine sa biktima sa halip nito.

**Ang lahat ng mga saksi, kabilang ang mga biktima na wala pang 18-taong-gulang, o sinomang biktima ng kriminal na panliligalig, sekswal na karahasan, sekswal na karahasan na ginamitan ng armas, o aggravated sexual assault** ay maaaring humiling sa Hukuman na **magktakda ito ng abogado upang mag-cross-examine** sa kanila kapag ang táong akusado ay kumikilos bilang kanyang sariling abogado. Dapat ibigay ng Hukuman ang proteksyon na ito maliban kung naniniwala ito na kinakailangang i-cross-examine ng táong akusado ang saksi para sa angkop na administrasyon ng hustisya.

Ang Hukuman ay maaaring hilingin **ng ibang mga saksi, kabilang ang mga saksi na biktima**, na magtakda ng counsel para sa kanilang cross-examination kung naniniwala ang Hukuman na pahihintulutan sila nito na magbigay ng buo at candid na testigo, o kung ito'y nasa kabutihan ng angkop na administrasyon ng hustisya. Isasaalang-alang ng Hukuman ang factors tulad ng edad ng saksi, uri ng pagkakasala, uri ng anumang relasyon ng saksi at ng táong akusado sa isa't-isa, at kung ang order o utos ay kinakailangan para sa kaligtasan ng saksi o upang protektahan siya mula sa pananakot o paghihiganti.

May buong listahan ng factors na mahahanap sa seksyon 486.3 ng *Criminal Code*.

## Ang Exclusion Orders

Ang Hukuman ay maaaring mag-utos na **i-exclude o hindi isama ang ilan o lahat ng mga miyembro ng publiko mula sa ilan o lahat ng mga paglilitis**. Maaari rin mag-utos ang Hukuman na magpapahintulot sa saksi na ibigay ang kanyang testigo mula sa likod ng **isang screen o ibang device upang hindi makita ng publiko ang saksi**. Sa paggawa ng alinmang utos, isasaalang-alang ng Hukuman ang factors tulad ng paghikayat na ireport ang mga pagkakasala, subaybayan ang mga kagustuhan ng mga saksi na wala pang 18-taong-gulang, kung ang order o utos ay kinakailangan upang protektahan ang saksi, at kung maibibigay ng saksi ang kanyang testigo nang walang exclusion order.

May buong listahan ng factors na mahahanap sa seksyon 486 ng *Criminal Code*.

## Maaari bang hindi pumayag ang táong akusado sa paggamit ng alinman sa mga paraang ito?

Ang mga panukalang ito ay makakatulong sa mga biktima na siyang mga saksi rin na maibigay ang kanilang testigo habang nirerespeto pa rin ang mga karapatan ng mga táong akusado. Sa ilang mga kaso, maaaring tanggihan o limitahan ng Hukuman ang paggamit ng mga espesyal na proteksyon na ito upang siguraduhin na hindi nilalabag ang mga karapatan ng táong akusado.

## Ngayon pa lamang ba ginagamit ang testimonial aids?

Ang testimonial aids ay bahagi na ng Criminal Code simula pa noong 1988. Ang mga ito'y huling binago noong 2015 bilang bahagi ng Canadian Victims Bill of Rights (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima upang magbigay ng karagdagang proteksyon para sa mga biktima at mga saksi.

## Saan pa ba makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong makukuhang tulong kung ikaw o isang táong kilala mo ay naging biktima ng isang krimen. Ang lahat ng provinces at territories ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen. Matutulungan ka nila kung kailangan mo ng impormasyon o ng ibang tulong. Ang Direktoryo ng Victim Services ay makakatulong sa iyo na humanap ng victim services malapit sa iyo:

**http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html**

© Ang Mahal na Reyna bilang Pinuno ng Canada, na kinakatawan ng Minister of Justice at Attorney General ng Canada, 2015

ISBN 978-0-660-44824-4
Cat. No. J2-412/2-2023Tgl-PDF